

Iwasan ang mga Problema sa Lamok

- Itapon, alisin ang tubig, o gamutin ang stagnant water
- Itaob, takpan, o itapon ang maliliit na mga container o lalagyan.
- Mag-imbak o lagyan ang mga lawa, fountain, mga daanan ng tubig, at di ginagamit na pool ng mosquito fish.
- Panatilihin na dumadaloy ang mga tubig sa mga waterfall at fountain
- Lagyan ng chlorine, filter, takip, o alisin ang tubig sa mga di ginagamit na swimming pool
- Baguhin ang mga tubig sa mga birdbath at mga bowl para sa tubig ng mga alagang hayop
- Ayusin ang mga tumutulong tubig na maaaring maging sanhi ng stagnant water
- Iwasan ang sobrang pagdidilig sa mga damuhan at hardin
- Alisan ng tubig o buhusan ng panakip ang mga mababanag area na nagkokolekta ng tubig
- Lagyan ng screen o takpan ang mga rain barrel at iba pang mga container na nangongolekta ng tubig

Ang mga serbisyo ng distrito ay libre sa lahat ng mga residente ng County ng San Mateo. Para humiling ng mga serbisyo:

Tumawag sa (650) 344-8592
o bumisita sa www.smcmvcd.org

San Mateo County Mosquito & Vector Control District

Pinoprotektahan ang Kalusugan ng Publiko mula pa noong 1916

Ang San Mateo County Mosquito and Vector Control District ay isang independiyenteng espesyal na distrito na nakatuon sa pagbabantay ng kalusugan at kaginhawahan ng mga mamamayan ng County ng San Mateo sa pamamagitan ng isang may planong programa upang mabawasan ang mga lamok at iba pang mga hayop na nagdadala ng sakit.

ANG AMING MGA SERBISYO para sa mga Residente ng San Mateo County

Mosquito Surveillance & Control

Pagde-deliver ng Mosquito Fish

Pagkikilala at Edukasyon sa Garapata o Niknik

Pagkikilala at Edukasyon sa Insekto

Mga Inspekyon at Survey ng Rodent

Pagkokontrol ng Yellowjacket

Pampublikong Edukasyon

Vector-Borne Disease Surveillance




SAN MATEO COUNTY
MOSQUITO & VECTOR
CONTROL DISTRICT

(650) 344 - 8592
1351 Rollins Road
Burlingame, CA 94010

Lunes-Biyernes 8a.m.
hanggang 4:30p.m.
www.smcmvcd.org

ANG AMING MGA SERBISYO

SAN MATEO COUNTY MOSQUITO
AND VECTOR CONTROL DISTRICT



SAN MATEO COUNTY
MOSQUITO & VECTOR
CONTROL DISTRICT

Pinoprotektahan ang Kalusugan ng
Publiko mula pa noong 1916

MABISA AT MAY PANANAGUTAN SA KAPALIGIRAN NA PAGKOKONTROL NG LAMOK

Maraming nagbago nitong huling century sa pagkokontrol ng lamok. Sa pamamagitan ng mas mabuting pag-uunawa sa biolohiya ng lamok at ng kapaligiran, ang modernong mga pamamaraan sa pamamahala sa lahod ay nakatuon sa pag-iwas sa mga problema bago pa man maganap ang mga ito.

Ngayon, kinokontrol ng Distrito ang mga lamok sa pamamagitan ng isang programa na pinagsama ang vector management, pinagsamang pagsusubaybay sa pisikal, biolohikal at kemikal na kontrol na mga pamamaraan. Ang programang ito ay nakatuon sa pagkokontrol ng mga lamok sa yugto ng kanilang buhay ng pangangitlog sa tubig, na maraming mga benepisyo:

MAS MABABANG TAPANG NG LASON

Ang mga materyal sa pagkokontrol ng itlog ay mas ligtas para sa kapaligiran at lubos na tiyak para sa mga lamok.

MAS KAUNTING PAGGAMIT NG PESTICIDE

Ang mga materyal na ginagamit sa mas maliit na area kaysa sa kakailanganin para sa mga adult na mosquito.

MAS MABABANG PANGANIB NA MAGKASAKIT

Ang pag-target sa mga hindi pa malalaking lamok ay pumapatay sa mga ito bago nila makayanang magkalat ng sakit.

Ang pagkokontrol ng mga lamok ayon sa Distrito ay isinasagawa lang ng mga may sertipikasyon ng estado na mga vector control technician.

INSPEKSYON NG RODENT

Ang mga malalaking daga at bubwit ay namumuhay sa ating pagkatin at mga basura at naninirahan sa ating mga gusali. Maaari silang magdulot ng matinding mga pinsala sa mga istruktura, kagamitan, gamit sa bahay at mga utility. Ang mga rodent ay mayroon rin posibilidad na magkalat ng maraming iba't ibang mga sakit sa mga tao.

Ang Distrito ay nagkakaloob ng libreng mga inspeksyon sa mga tirahan para sa mga malalaking daga at daga kung hilingin. Ang mga residente ay makakatanggap ng isang detalyadong ulat ng anumang hudyat o senyas na may data na natagpuan, at pati na rin ang payo mula sa isang ekspertong technician.

Ang mga rodent ay maghahanap ng mga lugar kung saan sila makakahanap ng pagkain, tubig, at mapapamalagian. Ang paglilimita sa paraang makapasok ng mga rodent sa mga mapagkukuhanang nabanggit sa itaas ay ang pinakamainam na paraan para maiwasan sila na mamugad sa iyong ari-arian.

- Tiyaking hindi makakapasok ang mga rodent sa mga istruktura sa pamamagitan ng tiyak na pagsasara ng lahat ng mga bukas na mas malaki kaysa sa isang nickel na barya.
- Takpan ang lahat ng mga basurahan.
- Anihin ang mga prutas sa sandaling hinog na ang mga ito, at pulutin ang mga nahulog na prutas
- Huwag iwanan ang mga birdseet sa sahig o lupa
- Huwag kailanman iwanan ang pet food sa labas ng buong magdamag, at itabi ito sa isang saradong metal na container.
- Tiyaking maaayos ang pagkakagupit ng mga halaman at malayo sa mga bubong, pader, bakod, tungkod, at mga puno

IBA PANG MGA NAGLALAGANAP NG TAKIT

Mga Garapata o Niknik

Ang mga garapata o niknik ay binabantayan sa mga parke ng San Mateo County at sa mga daanan dito. Ang staff ng Distrito ay nagsasagawa ng mga survey para sa mga garapata at niknik at sinusuri ang mga ito para sa mga ahente ng sakit tulad ng bakterya ng Lyme disease. Ang mga pagsisikap sa pamamahagi ng edukasyon ay naka-target sa mga rehiyon na may mataas na panganib.

Mga Yellowjacket

Ang mga yellowjacket at ang iba pang mga nangangagat na insekto ay maaaring magdulot ng nagbabanta sa buhay na mga allergic na reaksyon sa maraming mga tao. Kahit na hindi nakokontrol ng Distrito ang mga mapapakinabangan na mga bubuyog at ang mga di agresibong putakti, aalisin ng staff ng Distrito ang mga pugad sa ilalim ng lupa ng mga agresibong yellowjacket na specie sa mga residenyal na ari-arian o mga pampublikong area kung saan maraming mga tao ang nagpupunta

Pagkikilala sa Insekto

Kung kailangan mong makilala ang isang uri ng insekto, makipag-ugnayan sa Distrito sa (650) 344-8592. Pinakamainam na ang insekto ay buo pa, buhay man o patay. Mangyari lang isama ang iyong pangalan, impormasyon sa pakikipag-ugnayan, at ang address, parke, o recreation area kung saan natagpuan ang specimen.